
HAPPY
BIRTHDAY!

Kaarawan ni Mike. Ika-10 taon ng kanyang pagsilang.

Maraming kaibigan ang dumalo sa kanyang party. May dalang regalo ang bawat kaibigan. Sila'y naglaro, kumain ng cake at ice cream.

Pagkatapos, isa-isang binuksan ni Mike ang napakaraming regalong tinanggap niya. May modelo ng kotse, rocket ship, puzzle at magandang relo. Iniregalo iyon ng mga kaibigang talagang nagmamahal kay Mike.

Tuwang-tuwa si Mike! Sampung taon na ang lumipas ng isinilang siya.

Ang kahuli-hulihang binuksan niya ay ang regalong bigay ni Caloy na kanyang pinakamatalik na kaibigan. Isang papel ang nakaipit sa loob ng regalo. Isang tanong ang nakasulat sa papel. Ito ang tanong:

"KASALI KA NA BA SA PAMILYA NG DIYOS?"

Naging palaisipan kay Mike ang tanong na iyon. "Kasali na ba ako sa pamilya ng Diyos?" ang tanong niya sa sarili.

"Hoy, Caloy, anong ibig mong sabihin sa tanong na 'Kasali ka na ba sa pamilya ng Diyos?'"

"Kristiyano ka na ba?" ang tanong ni Caloy.

"Nagsisimba ako, kung iyon lang ang itinatanong mo," ang sagot ni Mike.

"Kailangan mong isilang sa pamilya ng Diyos. Sa gayon, dalawang kaarawan ang puwede mong ipagdiwang, Mike," ang sabi ni Caloy.

"Dalawang kaarawan—nagbibiro ka ba?" ang tanong ni Mike.

Lalong nalito si Mike. Paano siya magiging maliit na bata uli? Paano siya makakasali sa pamilya ng Diyos? Paano siya magiging Kristiyano?

Katulad ka ba ni Mike? Nalilito ka rin ba? Alam mo ba? Kung hindi mo pa alam, magpatuloy ka sa pagbasa at malalaman mo kung paano magkakaroon ng dalawang kaarawan.

1. *Alam mo ba na ang lahat ay nakagawa ng masama? Sinasabi ng Biblia: "Ang lahat ay nagkasala (nakagawa ng masama)"*
2. *Alam mo ba na si Jesus ay namatay sa krus upang tanggapin ang parusa sa mga masasamang ginawa mo?*
3. *Alam mo ba na ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesus bilang regalo sa buong mundo?*
4. *Alam mo ba na buhay si Jesus?*
5. *Alam mo ba na gusto ng Diyos na maging Kristiyano ka? Ibig sabihin nito na gusto ng Diyos na isilang ka sa Kanyang pamilya. Puwede kang magkaroon ng DALAWANG kaarawan! (Sinabi ni Jesus, "Lahat ay kailangang ipanganak na muli." Juan 3:7)*

***NGAYON, gusto mo bang kausapin ang Diyos tungkol sa pagsali mo sa Kanyang pamilya?***

1. Hilingin mo sa Diyos na patawarin ka sa mga masasamang ginawa mo. "Sapagkat ang lahat ay nagkasala..." Roma 3:23
2. Sabihin mo sa Diyos na naniniwala kang si Jesus ay ibinigay Niya upang mamatay sa krus para sa iyo. "Si Kristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan ng nakasaad sa Kasulatan." 1 Corinto 15:3
3. Sabihin mo sa Diyos na gusto mong maging sariling Tagapagligtas at Kaibigan si Jesus. "Ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos." Juan 1:12
4. Pasalamatan mo ang Diyos Ama sa langit dahil ibinigay Niya ang Kanyang Anak na si Jesus. 2 Corinto 9:15
5. Sabihin mo sa iba na ngayon ikaw ay kasama na ng pamilya ng Diyos. Lucas 2:17

## *Isang panalangin na maaari mong bigkasin...*

*Mahal Kong Ama sa Langit:*

*Patawarin po Ninyo ako sa mga masasamang nagawa ko. Naniniwala po ako na si Jesus na Inyong Anak ay namatay upang alisin ang aking kasalanan.*

*Tulungan po Ninyo akong magsalita at kumilos ng nararapat bilang Kristiyano. Tulungan po Ninyo ako upang matuwa Kayo sa bawat gagawin at sasabihin ko.*

*Salamat po kay Jesus na Inyong Anak na nagmamahal sa akin at handang tumulong sa akin.*

*Amen*

## *Alam kong ako'y Kristiyano dahil:*
**...sinasabi talaga ng Biblia.**

Sinasabi ng Galacia 3:26 na ako'y anak ng Diyos.
Sinasabi ng 1Juan 1:9 na ako'y pinatawad ng Diyos.
Sinasabi ng Juan 3:16 na ako'y mahal ng Diyos.
Sinasabi ng Juan 14:2, 3 na ako'y pupunta sa langit.

Ako si ______________________________ Ako'y naging

miyembro ng pamilya ng Diyos ngayong _________________,
(petsa)

Ito ang ikalawang kapanganakan ko.

## *Ngayong Kristiyano ka na at kasama na ng pamilya ng Diyos...*

*...Basahin mo ang Biblia araw-araw.*
*...Kausapin mo ang Diyos Ama sa Langit.*
*...Dumalo ka sa simbahan at Sunday School palagi.*
*...Ikuwento mo si Jesus sa mga kaibigan at kamag-anak mo.*
*...Magpakita ng pagmamahal at kabutihan sa lahat.*
*...Ihandog ang sarili sa Diyos at kapwa sa lahat ng paraan.*

*Ang kuwentong ito ay regalo sa iyo ng:*

Happy Birthday! — Tagalog
Printed by Foursquare Missions Press © 2011